






**TUNGKOL SA KOMISYON SA
PANTAY-PANTAY NA OPORTUNIDAD
ABOUT THE EQUAL OPPORTUNITIES
COMMISSION**



ANG AMING BISYON OUR VISION

Upang lumikha ng isang pluralistiko at inklusibong lipunan na walang diskriminasyon kung saan walang hadlang sa mga pantay na oportunidad.

To create a pluralistic and inclusive society free of discrimination where there is no barrier to equal opportunities.

TUNGKOL SA AMIN ABOUT US

Ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (EOC) ay isang independiyenteng lupon ayon sa batas na itinatag noong 1996 upang ipatupad ang mga ordinansa laban sa diskriminasyon sa Hong Kong, katulad ng Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kasarian (SDO), ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Kapansanan (DDO), ang Ordinansa sa Diskriminasyon sa Estado ng Pamilya (FSDO) at Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi (RDO).

The Equal Opportunities Commission (EOC) is an independent statutory body established in 1996 to implement the anti-discrimination ordinances in Hong Kong, namely the Sex Discrimination Ordinance (SDO), the Disability Discrimination Ordinance (DDO), the Family Status Discrimination Ordinance (FSDO) and the Race Discrimination Ordinance (RDO).

ANG AMING ORGANISASYON OUR ORGANISATION

Nagbibigay ang Lupon ng EOC ng pamumuno at gabay sa pagpapalano ng mga pangkalahatang estratehiya ng Komisyon at pinangangasiwaan ang operasyon ng EOC sa pagtupad ng mga tungkulin nito ayon sa batas. Ayon sa Ordinansa sa Diskriminasyon sa Sekso, ang Lupon ay binubuo ng isang Tagapangulo at hindi hihigit sa 16 Miyembro, lahat itinalaga ng Punong Ehekutibo ng Espesyal na Administratibong Rehiyon ng Hong Kong. Ang EOC ay nahahati sa iba't ibang dibisyon ayon sa tungkulin. Ito ay ang Dibisyon ng mga Serbisyo sa Reklamo, ang Dibisyon ng mga Komunikasyon na Corporate, ang Dibisyon ng Pagpapalano at mga Serbisyong Corporate, ang Dibisyon ng Serbisyong Legal at ang Dibisyon ng Patakaran, Pananaliksik at Pagsasanay. Nagtayo rin ang EOC ng isang Yunit para sa mga Etnikong Minoridad.

The EOC Board provides leadership and guidance on the planning of the Commission's overall strategies and oversees the operation of the EOC in fulfilling its statutory duties. According to the Sex Discrimination Ordinance, the Board is comprised of a Chairperson and no more than 16 Members, all appointed by the Chief Executive of the Hong Kong Special Administrative Region.

The EOC is divided into different functional divisions, namely the Complaint Services Division, the Corporate Communications Division, the Corporate Planning and Services Division, the Legal Service Division and the Policy, Research and Training Division. The EOC has also set up an Ethnic Minorities Unit.



“ Dapat nating alisin ang diskriminasyon para sa kabutihan ng mga indibidwal at lipunan

We must eliminate discrimination for the good of individuals and society ”

ANO ANG DISKRIMINASYON? WHAT IS DISCRIMINATION?

Ang diskriminasyon ay ang pagbibigay sa isang tao ng hindi gaanong kanais-nais na pagtrato dahil sa kung ano sila (tulad ng kasarian o lahi) o dahil nagtataglay sila ng mga tiyak na katangian (tulad ng kapansanan) nang walang mga makatuwirang dahilan o sirkumstansiya.

Discrimination means giving a person less favourable treatment because of who they are (such as gender or race) or because they possess certain characteristics (such as disability) without justifiable reasons or circumstances.

BAKIT KAILANGAN NATING LABANAN ANG DISKRIMINASYON? WHY DO WE NEED TO FIGHT DISCRIMINATION?

Ang karapatan sa kalayaan mula sa diskriminasyon ay kinikilala ng lahat bilang isang pundamental na karapatang pantao. Nagdudulot ang diskriminasyon ng pisikal at emosyonal na pinsala sa mga apektadong indibidwal at maaaring tumuloy sa mahinang kalusugan, pagkabalisa at depresyon. Nakaaapekto ito sa mga ugnayan sa pagitan ng mga tao at kalidad ng buhay. Sa lugar ng trabaho, pinapahina nito ang sigla at motibasyon, at pinapababa ang pagiging produktibo ng mga negosyo at ang pangkalahatang ekonomiya. Dapat nating alisin ang diskriminasyon para sa kabutihan ng mga indibidwal at lipunan.

The right to freedom from discrimination is universally recognised as a fundamental human right. Discrimination causes physical and emotional harm to the affected individuals and can lead to poor health, anxiety and depression. It affects interpersonal relationships and quality of life. In the workplace, it undermines staff morale and motivation, and lowers productivity of businesses and the overall economy. We must eliminate discrimination for the good of individuals and society.



TUNGKOL SA BATAS LABAN SA DISKRIMINASYON

Sa kasalukuyan ang apat na ordinansa laban sa diskriminasyon ng Hong Kong ay ipinagbabawal ang diskriminasyon batay sa kasarian, pagbubuntis, estado ng pag-aasawa, kapansanan, estado ng pamilya at lahi. Nagbibigay din ang batas ng proteksiyon mula sa panggigipit at paninira, kasama ang seksuwal na panggigipit.

ABOUT THE ANTI-DISCRIMINATION LEGISLATION

Currently the four anti-discrimination ordinances of Hong Kong prohibit discrimination on the grounds of sex, pregnancy, marital status, disability, family status and race. The legislation also provides protection from harassment and vilification, including sexual harassment.



ORDINANSA SA
DISKRIMINASYON SA KASARIAN
**SEX DISCRIMINATION
ORDINANCE**



ORDINANSA SA DISKRIMINASYON
SA KAPANSANAN
**DISABILITY
DISCRIMINATION ORDINANCE**



ORDINANSA SA
DISKRIMINASYON SA
ESTADO NG PAMILYA
**FAMILY STATUS
DISCRIMINATION ORDINANCE**



ORDINANSA SA DISKRIMINASYON
SA LAHI
**RACE DISCRIMINATION
ORDINANCE**

Sakop ng mga ordinansa ang isang saklaw ng mga aktibidad sa pampublikong domain, kasama ang:

The ordinances cover a range of activities in the public domain, including mainly:

Trabaho	Employment
Edukasyon	Education
Probisyon ng mga kalakal, serbisyo at pasilidad	Provision of goods, services and facilities
Pag-aayos o pangangasiwa ng mga lugar	Disposal or management of premises
Pagiging kuwalipikado sa pagboto o mahalal o maitalaga sa mga lupong tagapayo	Eligibility to vote for and to be elected or appointed to advisory bodies
Pakikilahok sa mga club at aktibidad sa palakasan	Participation in clubs and sporting activities
Mga aktibidad ng Pamahalaan	Activities of the Government

ANG AMING MGA TRABAHO AT TUNGKULIN

OUR FUNCTIONS & DUTIES

IPATUPAD ANG PAGSUNOD SA BATAS AT MAGBIGAY NG REMEDYO SA DISKRIMINASYON:

ENFORCE COMPLIANCE WITH THE LAW AND PROVIDE REDRESS FOR DISCRIMINATION:

- Imbestigahan ang mga reklamo na inihain sa ilalim ng batas laban sa diskriminasyon at himukin ang pagkikipag-ayos sa pagitan ng mga nagtatalong panig
Investigate complaints lodged under the anti-discrimination legislation and encourage conciliation between the parties in dispute
- Magsagawa ng mga imbestigasyon sa mga sitwasyon at mga isyu na pinanggalingan ng diskriminasyon at magsagawa ng pormal na imbestigasyon sa mga patakaran kapag kinakailangan upang labanan ang malawakang diskriminasyon.
Undertake self-initiated investigations into situations and issues giving rise to discrimination, and conduct formal investigation into policies when needed to combat systemic discrimination
- Magbigay ng legal na tulong sa mga agrabyadong tao sa mga angkop na kaso, kasama ang tulong sa mga paglilitis
Provide legal assistance to aggrieved persons in appropriate cases, including assistance in proceedings
- Bantayan ang pagpapatupad ng batas at gumawa ng mga rekomendasyon sa mga reporma upang mapabuti ang batas
Monitor implementation of the legislation and make recommendations on reforms to enhance the legislation

ISULONG AT ITURO ANG HALAGA NG PAGKAKAROON NG MGA PANTAY NA OPORTUNIDAD:

ADVOCATE AND EDUCATE ON THE VALUES OF EQUAL OPPORTUNITIES:

- Magsagawa ng mga pananaliksik upang kilalanin ang mga trend sa diskriminasyon sa lipunan at gumawa ng mga rekomendasyon sa mga pampublikong patakaran at hakbangin
Conduct research studies to identify trends of discrimination in society and make recommendations on public policies and measures
- Magbahagi sa publiko ng kaalaman sa mga ordinansa laban sa diskriminasyon sa pamamagitan ng mga kurso sa edukasyon at pagsasanay
Empower the public with knowledge of the anti-discrimination ordinances through education and training courses
- Makipag-ugnayan sa mga negosyo mula sa iba't ibang sektor upang mapaunlad ang mga patakaran sa mga pantay na oportunidad at pinakamainam na kasanayan, lalo na sa lugar ng trabaho
Partner with enterprises in different sectors to develop equal opportunities policies and best practices, especially in the workplace
- Magpalaganap ng mga pagpapahalaga ng mga pantay na oportunidad sa pamamagitan ng iba't ibang daluyan ng komunikasyon, at engganyuhin ang publiko na labanan ang diskriminasyon sa pamamagitan ng mga kaganapan at aktibidad
Promulgate values of equal opportunities through different communication channels, and engage the public to combat discrimination through events and activities

MAGBIGAY NG REMEDYO PARA SA DISKRIMINASYON PROVIDE REDRESS FOR DISCRIMINATION

PAANO MAKATUTULONG SA AKIN ANG EOC? HOW CAN THE EOC HELP ME?

Sinuman na naniniwalang nakaranas siya ng diskriminasyon, panggigipit o paninira na tinukoy sa mga ordinansa ay maaaring maghain ng reklamo sa EOC sa pamamagitan ng pagsulat. Ang EOC ay nangangakong gamitin ang stratehiyang “nakatuon sa biktima”, habang naninindigan sa mga prinsipyo ng pagiging patas nang walang pinapanigan sa paghawak ng reklamo.

Anyone who believes that he/she has experienced discrimination, harassment or vilification specified in the ordinances may lodge a complaint with the EOC in writing. The EOC is committed to adopting a “victim-centric” approach, while adhering to the principles of fairness and impartiality in handling the complaint.

Paghahain ng Reklamo

Bilang kinakailangan ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon, ang mga reklamo sa EOC ay dapat na nakasulat. Ang reklamo ay maaaring ihain ng isang agrabyadong tao o kanyang inawtorisang kinatawan at dapat maglaman ng: mga personal na detalye at numero ng ID ng nagrereklamo, ang impormasyon na kumikilala sa (mga) inireklamo, at ang mga naaayong detalye ng (mga) diumanong kilos na labag sa batas, tulad ng petsa ng (mga) diumanong kilos, anumang impormasyon bilang suporta sa reklamo at ang mga pangalan ng mga saksi, kung mayroon man.

Maaaring ipadala ang reklamo sa koreo, fax, email, o ipasa ito nang personal sa Opisina ng EOC. Maaari ring gamitin ng mga nagrereklamo ang online na form sa website ng EOC para sa paghahain ng reklamo.

Kung nahihirapan ang isang nagrereklamo sa paggawa ng sulat ay maaari niyang kontakin ang Opisina ng EOC. Titiyakin ng EOC kung talaga bang nahihirapan makagawa ng sulat ang biktima, at saka batay sa impormasyong ibinigay, isasaalang-alang kung magbibigay ng anumang suporta sa pagsulat.

Lodging a Complaint

As required by the anti-discrimination ordinances, complaints to the EOC must be in writing. The complaint can be made by an aggrieved person or his/her authorised representative and should contain: the personal details and identity card number of the complainant, the information identifying the respondent(s), and the relevant details of the alleged unlawful act(s), such as the date of the alleged act(s), any information in support of the complaint and names of witnesses, if any.

The complaint can be sent by mail, fax, email, or it may be made in person at the EOC Office. Complainants may also use the online form on the EOC website for filing the complaint.

If a complainant has difficulties in preparing a complaint in writing, he/she can contact the EOC office. The EOC will ascertain the complainant’s difficulties and, on the basis of the information given, consider whether to provide any writing support.



Email

eoc@eoc.org.hk



Koreo | Mail

16/F, 41 Heung Yip Road, Wong Chuk Hang, Hong Kong



Fax

(852) 2511 8142

MAGBIGAY NG REMEDYO PARA SA DISKRIMINASYON PROVIDE REDRESS FOR DISCRIMINATION

Imbestigasyon ng Reklamo

Pagkatanggap ng nakasulat na reklamo, uuriin ng EOC ang kaso ayon sa mga panloob na pamamaraan sa operasyon, at titiyakin kung ang napapailalim ang reklamo sa hurisdiksiyon ng EOC. Sa sandaling nakumpirma ang kaso bilang isang reklamo, isang opisyal ng EOC ang itatalaga upang isagawa ang imbestigasyon.

Aabisuhan ng EOC ang inireklamo ng reklamo at hihilingan ng sagot. Maaari ring sumulat ang EOC sa nagrereklamo na humihingi ng karagdagang impormasyon o paglilinaw ng mga tiyak na punto, at maaaring ring humiling ng mga saksi o dokumentaryong patunay na maaaring sumuporta sa (mga) alegasyon. Kapag kinakailangan at angkop, maaaring humingi ang EOC ng mga opinyon ng mga eksperto.

Pakikipag-ayos

Sa kurso ng imbestigasyon sa kaso ng reklamo, sisikapin ng EOC na tulungan ang nagrereklamo at ang inireklamo na umabot sa pakikipagkasundo sa pamamagitan ng pakikipag-ayos. Ang layunin ng pakikipag-ayos ay upang dalhing magkasama ang mga panig na kinauukulan upang humanap ng mga paraan sa paglutas ng pagtatalo. Hinahanap ng pakikipag-ayos ang karaniwang batayan upang tumulong na lutasin ang usapin sa kasiyahan ng dalawang panig upang sa gayon sumulong sila sa kabila ng pagtatalo.

Ang pakikipag-ayos ay ganap na boluntaryo. Lahat ng impormasyong kinalap sa proseso ng pakikipag-ayos ay pananatiliing kumpidensiyal at hindi ibibigay sa mga paglilitis ng korte. Kung umabot sa pakikipagkasundo ang mga panig, ang kasunduan na nilagdaan ng mga panig ay isang kontrata at legal na nagbubuklod.

Ibang Tulong

Ang EOC ay hindi korte o hukuman. Wala itong kapangyarihan upang magdesisyon sa mga sinasabing diskriminasyon, panggigipit o paninira. Hindi ito isang ahensiya ng legal na tulong. Gayunpaman, kung ang isang kaso ay hindi naayos, maaaring maghain ng aplikasyon ang nagrereklamo sa EOC para sa ibang tulong, kasama ang legal na tulong. Ihahanda ng abogado ng EOC ang isang ulat sa kaso at gagawa ng isang rekomendasyon sa Komite ng Legal at mga Reklamo ng EOC, na siyang itinalaga na may kapangyarihang magdesisyon kung aling mga kaso ang dapat na bigyan ng tulong.

Investigation of a Complaint

Upon receiving a complaint in writing, the EOC will classify the case according to the internal operating procedures, and ascertain if the complaint falls within the jurisdiction of the EOC. Once a case has been classified as a complaint, an officer of the EOC will be assigned to conduct an investigation. The EOC will notify the respondent of the complaint and request a response. The EOC may also write to the complainant seeking further information or clarification of certain points, and may also ask for witnesses or documentary proof that might support the allegation(s). Where needed and appropriate, the EOC may seek for experts' opinions.

Conciliation

In the course of investigation into a complaint case, the EOC will endeavour to help the complainant and the respondent reach a settlement by way of conciliation. The purpose of conciliation is to bring the parties concerned together to look for ways of resolving the dispute. Conciliation looks for common ground to help resolve the matter to the satisfaction of both parties so that they can move beyond the dispute.


Conciliation is completely voluntary. All information gathered in the conciliation process is kept confidential and is not made available to court proceedings. Should the parties reach a settlement, the agreement signed by the parties is a contract and is legally binding.

Other Assistance

The EOC is not a court or a tribunal. It does not have the power to decide on claims of discrimination, harassment or vilification. Neither is it a legal aid agency. Nevertheless, if a case is not conciliated, the complainant may apply to the EOC for other assistance, including legal assistance. The EOC lawyer will prepare a report on the case and make a recommendation to the EOC Legal and Complaints Committee, which has been delegated with the power to decide which cases should be given assistance.

MAGBIGAY NG REMEDYO PARA SA DISKRIMINASYON PROVIDE REDRESS FOR DISCRIMINATION

PAGHAIN NG REKLAMO SA EOC TAKING A COMPLAINT TO THE EOC



MAGBIGAY NG REMEDYO PARA SA DISKRIMINASYON PROVIDE REDRESS FOR DISCRIMINATION

Legal na Tulong

Legal Assistance

Ang mga pangunahing salik sa pagsasaalang-alang kung ibibigay ang legal na tulong o hindi ay kasama ang mga sumusunod:

Main factors in considering whether or not legal assistance would be provided include:

- Maaari bang itaguyod ng kaso ang isang pamarisan sa anumang mahahalagang legal na usapin?
- Mahihirapan ba ang aplikante na pakitunguhan ang kaso ayon sa pagiging kumplikado nito o ang naayong posisyon ng mga panig (hal. kawalan ng balanse ng kapangyarihan)?
- Itataas ba ng kaso ang pampublikong kamalayan sa mga larangan ng diskriminasyon na namamayani pa sa Hong Kong?
- Hihimukin ba ng kaso ang mga institusyonal na pagbabago upang alisin ang diskriminasyon?
- Ang legal na paglilitis ba ang pinakamainam o pinakaepektibong paraan upang alisin ang diskriminasyon sa abot ng partikular na kaso na siyang kinauukulan?
- Sapat ba ang ebidensiya upang suportahan ang makatuwirang pag-asam ng tagumpay sa korte?
- Could the case establish a precedent on any important legal issues?
- Would it be difficult for the applicant to handle the case given its complexity or the relevant position of the parties (e.g. imbalance of power)?
- Would the case raise public awareness on areas of discrimination which are still prevalent in Hong Kong?
- Would the case encourage institutional changes to eliminate discrimination?
- Is legal proceeding the best or most effective way to eliminate discrimination insofar as the particular case is concerned?
- Is the evidence sufficient to support a reasonable prospect of success in court?

Mga Kondisyon ng Pakikipagkasundo

Settlement Terms

Maaaring kasama sa mga Kondisyon ng Pakikipagkasundo pagkatapos ng pakikipag-ayos o legal na tulong ang: Settlement terms after conciliation or legal assistance may include:

- Paghingi ng paumanhin; tinatanggap ng nagreklamo ang paliwanag ng inireklamo
- Bayad-pinsala; donasyon sa kawanggawa
- Alok ng trabaho; muling pagtatrabaho; probisyon ng mga benepisyo; probisyon ng mga programa sa edukasyon/pagsasanay
- Probisyon ng mga kalakal, serbisyo at pasilidad; mga pagpapabuti sa mga pasilidad at pagiging accessible
- Mga pagbabago sa mga patakaran/kasanayan; pagsasagawa na itigil ang mga kasanayan sa diskriminasyon; mga paghihigpit sa mga tiyak na kilos; ang pandisiplinang aksiyon
- Apology; complainant accepting respondent's explanation
- Monetary compensation; donation to charity
- Offer of employment; reinstatement; provision of benefits; provision of reference letter; provision of education programmes/training
- Provision of goods, services and facilities; improvements to facilities and accessibility
- Changes in policies/practices; undertaking to cease discriminatory practices; restrictions on certain acts; disciplinary actions

KARAPATANG-ARI | COPYRIGHT

Ang reproduksyon ng lahat o anumang mga bahagi ng publikasyong ito ay pinahihintulutan sa kondisyon na para sa mga layuning hindi ito pagkakakitaan. Kailangan din na magkaroon ng pagkilala sa bawat reproduksyon ng publikasyong ito.

Reproduction of all or any parts of this publication is permitted on condition that it is for non-profit-making purposes and an acknowledgement of this work is duly made in reproduction.

PAGTATATWA | DISCLAIMER

Ang impormasyong ibinigay sa publikasyong ito ay para lang sa pangkalahatang sanggunian. Hindi ito nagbibigay ng ganap na gabay sa aplikasyon ng mga ordinansa laban sa diskriminasyon. Para sa isang kumpleto at depinitibong pahayag ng batas, dapat gawin ang direktang pagsangguni sa mga ordinansa. Hindi gumagawa ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (EOC) ng mga hayag o ipinapahiwatig na garantiya ng katumpakan o kaangkupan para sa isang partikular na layunin o paggamit na may kinalaman sa impormasyon sa itaas. Ang mga suhestiyon sa itaas ay hindi makaaapekto sa mga tungkulin at kapangyarihan na ibinigay sa EOC sa ilalim ng mga ordinansa.

The information provided in this publication is for general reference only. It does not provide an exhaustive guide to the application of the anti-discrimination ordinances. For a complete and definitive statement of the law, direct reference should be made to the ordinances. The Equal Opportunities Commission (EOC) makes no express or implied warranties of accuracy or fitness for a particular purpose or use with respect to the above information. The above suggestions will not affect the functions and powers conferred to the EOC under the ordinances.



平等機會委員會
EQUAL OPPORTUNITIES COMMISSION

Tel	(852) 2511 8211
Fax	(852) 2511 8142
Tirahan Address	16/F, 41 Heung Yip Road Wong Chuk Hang Hong Kong
Email	eoc@eoc.org.hk
SMS	6972566616538 (Para sa mga taong may kahinaan sa pandinig/nahihirapan sa pananalita) (For people with hearing impairment/speech difficulties)

www.eoc.org.hk

